# Mahugong na Kahapon, Mataginting na Darating: Isang Hiraya na Bunsod ng Tawag ng Bantula

***Felipe M. de Leon, Jr.***

Ang Tawag ng Bantula ay malaki ang nagawa para makilala natin ang kawayan bilang isang buhay at ginintuang likha ng kalikasan. Humanga tayo sa kanyang napakaraming gamit tulad ng puno ng niyog. Naipakita sa atin ang kanyang tibay at lakas, tulad ng asero at semento. Naituro din sa atin kung paanong pumutol ng kawayan na hindi napipinsala ang inang tanim. At naipaliwanag kung kailan dapat umani ng kawayan upang makuha ito ng buong lusog at katatagan, wika nga ay dapat na taga sa panahon. Kung hindi ay madali itong bubukbukin at mabubulok.

Higit sa lahat naipamalas sa atin ng *Tawag ng Bantula* ang yamang-tunog, ang hiyas kalinangang mga tradisyon ng musikang pangkawayan sa ating bayan. Nariyan ang mga hugong, palakpak, kaskas, karag, kalatog, taguktok, aliw-iw, tinis, dagisdis, taginting, at iba pang mga tunog. Ang mga ito ay nililikha sa iba't ibang paraan tulad ng pagpalo, pagpukpok, pagkahig, pagbayo, pagkalog, pag-ihip, pagkanti, at pagkalabit.

Mahalaga ang pagsasakonteksto ng mga instrumentong ito. **Una**, malaki ang potensyal ng mga ito para sa kalakal at kabuhayan. Maraming hanapbuhay na maibibigay sa mga pamayanan sa buong Pilipinas ang paglinang ng instrumentong kawayan bilang produktong pangindustriya, lalo na sa pagpapasulong ng turismo.

**Pangalawa**, sa pagpapailalim ng pagsasamahan, pagkakaisa o kooperasyon sa anumang mahalagang papel ng mga tradisyon sa musikang pangkawayan sa Pilipinas – sapagka't halos lahat ng mga ito ay nagbubunsod ng pagbubuklod at pagkakapantaypantay. Ang pagtugtog ng bunkaka, patang-ug, saggeypo, halimbawa, ay nangangailangan ng pakiramdaman, walang lamangan at pagbibigayan.

Maganda at marahil ay sadyang mabisa kung ang maraming ahensya ng pamahalaan o mga pribadong kompanya ay magsasagawa ng ritwal ng salisihang ritmo o "interlocking rhythm" sa simula ng isang pagtitipon para magkaisa ang mga diwa at damdamin.

Gayundin, ang ating mga instrumento ay hindi isang pamantayang mekanikal ang sinusunod sa mga sukat ng paggawa. Ibinabagay ang mga dimensyon, pati na ang pagtotono, sa pangangatawan, pangangailangan at kalooban ng gagamit. Kaya't masasabing ito ay higit na demokratiko at sumusuporta sa pagkamalikhain ng bawat tao. Wika nga ay "people friendly" o "handfriendly" ang mga instrumento natin.

**Pangatlo**, malaki ang kinalaman ng musikang pangkawayan sa kalusugang pantao, pang-isip man o pangkatawan. Likas sa Kawayan ang tunog na walang tukoy na tono  o "indefinite pitch". Ang tunog na ito ay nakapupukaw ng isang kamalayang nakapagpapahingalay ng lubos sa ating kalooban. Sa medisina, ang kalagayang pang-isip na ito ay kaakibat ng tinatawag na "theta brain waves". Kapag nasa kalagayang ito ibayong enerhiya ang lumalangkap sa kalooban at sa katawan. Ang epektong ito ay lalo pang iigting kapag ang musika ay nasa istilong nilangkapan ng "drone" na isang ugong o di-nagbabagong pintig at isang himig na paliguy-ligoy. Pati nga ang paraan ng paghinga ng magagaling tumugtog ng plawta sa Asya ay tila nagsasaad ng di pagtakda sa oras, ang tinatawag na paikot na paghinga o "cyclic breathing".

Sa ganitong anyo ng musika ay pumapawi sa ating pagkamalay sa takbo ng oras kaya lubhang nakakaalis ng tensyon. Sa madaling salita, isang mahalagang salik ang kawayan sa gamit ng musika bilang sining pangkalusugan. Ayon nga sa direktor ng "Bamboo Orchestra" na si Makato Yabuki, "the calm, warm, and resonating tone of bamboo instruments is useful in music therapy for people suffering from mental anguish".

**Pang-apat**, sapagka't ang kawayan ay isang buhay na halaman na may mahigit na isang libong uri at anyo sa buong daigdig at hiyang na hiyang sa bawat klimang kanyang pinananahanan, wala na marahil hihigit pa sa kawayan bilang sagisag ng kalikasan. Dahil dito, ang pagkalinga sa kawayan ay katumbas ng pagkalinga sa Inang Kalikasan. Bukod sa kakayahan ng kawayang mabilis na ibalik ang rabaw ng lupa o "soil cover" para maghilom ang sugat ng kalupaan,

sadyang mapalalalim ng halamang ito ang ating kamulatan at pakikiisa sa Inang Kalikasan, sapagka't ang kawayan ang siyang malinaw na mukha at kinatawan nito sa ating buhay, lalo pa kung lagi nating gagamitin ang mga instrumentong yari sa kawayan.

**Panglima** at pangwakas, tila ang kawayan na ang pinakalitaw, angkop at lantay na sagisag ng pagkataong Pilipino. Mula sa mito ng pinanggalingan ng Unang Lalake at Unang Babae, si Sikalak at Sikabay, na pantay na lumabas mula sa malinis at buhay na biyas ng kawayan, hanggang sa obserbasyon na ang Pilipino ay tulad ng kawayan na anumang lakas ng bagyo ay di kayang igupo sapagkat marunong yumuko, matutunghayan natin ang sinauna pang kahalagahan ng kawayan sa ating kultura.

Isa pa, dahil sa ang mga instrumentong yari sa kawayan ay tila pinakamatanda sa ating bansa, ang mga ito ang pinakamalalim ang pagkakaugat sa ating kultura. Ang mga instrumentong ito ay tunay na bahagi ng ating buhay kaya't nagamit na natin sa lahat ng paraan at nabigyan ng lahat ng uri ng kahulugan batay sa ating karanasan. Kung ganoon ang musikang pangkawayan natin ay masasabing isang malinaw na salamin ng ating malikhaing diwa at kakanyahan. Sa musikang ito ay matatarok natin ang iwing dangal, henyo at lakas ng ating kultura – isang pagpapatunay sa yaman ng pagkataong Pilipino.

Kaya't lubos kong pinasasalamatan ang lahat ng tumulong para maganap ang mabunying pagtitipong magwawakas ngayong gabi, ang *Tawag ng Bantula*. Nakatitiyak ako na dahil sa ating pagsisikap na ito, lalong yayabong ang tradisyon ng musikang pangkawayan sa Pilipinas. Napakarami sa atin na ngayon lamang namulat sa ganitong yaman. Nakamamangha ang galing ng ating mga kababayan sa kanilang paglikha, pagtugtog at pakikipag-ugnayan.

Sana'y maging daan ang pagkilala sa ating pagka-Pilipino at pagkakaisang ito tungo sa pagsulong ng pagkakaisang pambansa.

Maraming salamat po uli at magandang hapon sa inyong lahat.

**Felipe M. de Leon, Jr.** *is a Professor of Art Studies at the University of the Philippines where he teaches humanities, aesthetics, music theory and Philippine art and culture. He is currently Commissioner and Head of the Subcommission for the Arts of the National Commission for Culture and the Arts (NCCA) and the Chairman of its National Committee for Music. He is also Chairman of the Gawad Sa Manlilikha ng Bayan (National Living Treasures Awards) and the Chairman of the NCCA's Committee on Intangible Heritage. He was a Commissioner of UNESCO Philippines (1999-2002) and Chairman of its Committee on Culture (2002). He was a Commissioner of the NCCA and Head of its Subcommission for Cultural Communities and Traditional Arts from 1992-1998. He was Chairman of the Department of Humanities in U.P. Diliman from 1976-1982. He was President of the Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino from 1985-1986. He was the Gawad Chancellor Awardee for Extension Work of the University of the Philippines in Diliman for the year 2005.*